

God is good...all the time



The more we are blessed, the more we should give back to society! Supporting the Medical Mission is one such opportunity to share our blessings. It is our small contribution to nation building – fostering good health and giving our disadvantaged brethren a better chance to turn their personal potentials into real strength & growth.



To God be the Glory

Seite 28



MARY MOTHER OF THE POOR

VIENNA, AUSTRIA - MEDICAL MISSION PROJECT

Reg. No. ZVR- Zahl 029820938

▶ STATION OF THE CROSS



Could you walk a mile in Jesus's shoes? The Stations of the Cross bring us closer to Christ as we meditate on the great love He showed for us in His most sorrowful Passion!

E-Mail- austria@marymotherofthepoor.org



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

N. Panginoon, sinabi Mong ang sinumang magnanais na sumunod sa Iyo'y itakwil muna ang sarili/ pasanin ang kanyang krus... saka sumunod sa Iyo.

L. Babakasin namin ngayon ang tinahak Mong landas ng kapaitan/ sa pagtupad sa Iyong pananagutan sa inangkin Mong sambaya nan,/ kayat pag-aaralan naming itakwil ang aming sarili../ang mag bagay na humahadlang sa aming pasyang magbago, / ang aming pagmamalabis at pagkamasarili,/ ang kawalan namin ng pangunawa sa pangangailangang pangmadla/ na siyang sagabal sa aming pagtatayo/ ng tunay na sambayanan ng Iyong mag anak.

N. Mabigat ang Iyong krus/ ngunit lalong bumibigat ito/ dahil sa aming patuloy na paganging makiisa sa Iyo,/ dahil sa aming mag sariling kasakiman,/ dahil sa di namin pag-alintana sa abang kalagayan/ ng di-mabilang naming mga kapwa/ na nais Mong matunton rinang landas ng kaligtasan/ at makiisa Mo rin sa kaluwalhatian/ ng Iyong muling pagkabuhay.

L. Tulutan Mo kami Panginoon, na mapagaan ang pasan Mong krus, / sa pagbubukas ng aming sarili sa pagtatakwil sa aming kasakiman/ sa pagtalikod sa aming kahayukan sa yama't kapangyarihan.; / upang maakay rin ang aming kapwa sa pagsunod sa Iyo/ at kasama Mo'y mamatay rin ang dati naming katauhan,/ upang muliring mabuhay na kasama Mo/ sa kaluwatiaang walang hanggan.

COME, HOLY SPIRIT

COME, HOLY SPIRIT, WE NEED YOU
COME, HOLY SPIRIT, WE PRAY
COME WITH YOUR STRENGTH AND YOUR POWER
COME IN YOUR OWN SPECIAL WAY.

COME LIKE A SPRING IN THE DESERT
COME TO THE WEARY OF SOIL
LORD LET YOUR SWEET HEALING POWER
TOUCH US AND MAKE US WHOLE.

IMMACULATE MOTHER

IMMACULATE MOTHER,
TO YOU DO WE PLEAD
TO ASK GOD, OUR FATHER
FOR HELP IN OUR NEED

AVE, AVE, AVE MARIA (2x)

WE PRAY FOR OUR COUNTRY
THE LAND OF OUR BIRTH
WE PRAY FOR ALL NATIONS
THAT PEACE BE ON EARTH

AVE, AVE, AVE MARIA (2x)

GIVE THANKS

GIVE THANKS
WITH A GRATEFUL
HEART

GIVE THANKS
TO THE HOLY ONE

GIVE THANKS
FOR HE'S GIVEN
JESUS CHRIST, HIS SON
(X2)

AND NOW LET THE WEAK SAY
I AM STRONG

LET THE POOR SAY

I AM RICH
BECAUSE OF WHAT
THE LORD HAS DONE
FOR US

(X2)
GIVE THANKS...

Sing to the Lord a New Song!

Glorify Thy Name

Father, we love You
We worship and adore You
Glorify Thy Name in all the earth
Chorus
Glorify Thy Name
Glorify Thy Name
Glorify Thy Name in all the earth

Jesus, we love You
We worship and adore You
Glorify Thy Name in all the earth.
(Repeat chorus)

Spirit, we love You
We worship and adore You
Glorify Thy Name in all the earth
(Repeat chorus)

YOU ARE MY HIDING PLACE

YOU ARE MY HIDING PLACE
YOU ALWAYS FILL MY HEART
WITH SONGS OF DELIVERANCE
WHENEVER I AM AFRAID
I WILL TRUST IN YOU

I WILL TRUST IN YOU
LET THE WEAK SAY I AM STRONG
IN THE STRENGTH OF THE LORD
I WILL TRUST IN YOU
(REPEAT ALL)

Alam kong may magagawa ang Diyos

Alam kong may magagawa ang Diyos
Alaam kong may magagawa ang Diyos
Kung akoy magtatapat , Sa Kanya'y susunod
Alam kong may magagawa ang Diyos
(Repeat all)

ANG LABING-APAT NA ESTASYON

UNANG ESTASYON



Hinatulan si Jesus ng kamatayan

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.
Si Jesus ay hinatulan ng kamatayan dahil sa pagiging matapat sa kanyang MISION; sapagkat ipinahayag niya ang paghahari ng Diyos na walang nang-aapi at inaapi. Kinondena siya ng mga kinatawan ng simbahan at pamunuan ng pamahalaan, sa pakiramdam na sila ay hinusgahan ni Jesus. Nais ni Jesus na siya ang pinakahuling biktima ng pagdudumina ng tao sa kanyang kapwa. Alalahanin natin ang lahat ng mga taong hinatulan ng ating lipunan ng kamatayan o sa isang di-makaturangang pamumuhay.

Panalangin

Ama, huwag po ninyong hayaan ang aming pamayanan sa kapangyarihan na humatol sa iyong anak, at nagtataguyod ng pang-aapi at paniniil sa mga anak mo. Ipagkaloob po ninyo sa amin ang isang dakilang pananampalataya upang sundan namin si Jesus sa kanyang minimithing daigdig na paghaharian ng iyong mahabaging pagmamahal. Hinihiling po namin ito sa pamamagitan ni Kristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

IKALAWANG ESTASYON



Pinasan ni Jesus ang kanyang krus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.
Duguan si Jesus dulot ng mga matitinding hagupit at nadagdagan pa ang tindi ng kanyang paghihirap sa koronang tinik na isinuot sa kanyang ulo. Talagang walang hanggan ang nagagawa ng pagkabalag ng tao sa katuwiran; hindi masukat ang naabot ng pang-aabuso ng kapangyarihan. Subalit, sa krus, matatagpuan ang sagisag ng pakikiisa sa atin ng pag-ibig ni Jesus.
Isipin natin ang mga taong lubhang nahihirapan sa mga mabibigat at dimakatarungang pasanin sa kanilang buhay. Kasama nila si Jesus. Tayo rin, dapat makiisa sa kanila.

Panalangin

Ama, alam po ninyo na napakaraming krus dito sa daigdig. Kaya lamang hindi tama ang bahaginan. Ang mga dukha ang nagpapasan ng mga mabibigat. Ibigay po ninyo sa amin ang karunungan upang di namin talikuran at bigyan ng maling pakahulugan ang krus ni Jesus. Pagkalooban ninyo kami ng lakas at katatagan sa pagbabata ng hirap sa aming pakikibaka laban sa mga nagpapahirap sa tao. Sa pamamagitan ni Kristo, Jesus, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA – LUWALHATI

New Man, new Song, New Covenant

Seek ye first the kingdom of God

Verse 1

Seek ye first the kingdom of God
and his righteousness,
and all these things shall be added unto you.

Al-le-lu, Alleluia.

Verse 2

Ask and it shall be
given unto you.
Seek and ye shall find.
Knock, and the door
shall be opened unto you,
Al-le-lu, Alleluia.

Repeat all

Alleluia, Alleluia,
Al-le-lu. Alleluia

Alleluia

MOTHER OF CHRIST

MOTHER OF CHRIST, MOTHER OF CHRIST
WHAT SHALL I ASK OF THEE?
I DO NOT SIGH FOR THE WEALTH OF EARTH
FOR THE JOYS THAT FADE AND FLEE, BUT...
MOTHER OF CHRIST, MOTHER OF CHRIST
THIS DO I LONG TO SEE
THE BLISS UNTOLD WHICH YOUR ARMS ENFOLD
THE TREASURE UPON YOUR KNEE

MOTHER OF CHRIST, MOTHER OF CHRIST
I TOSS ON A STORMY SEA
OH LIFT YOUR CHILD AS A BEACON LIGHT
TO THE PORT WHERE I FAIN WOULD BE, AND...
MOTHER OF CHRIST, MOTHER OF CHRIST
THIS DO I ASK OF THEE
WHEN THE VOYAGE IS O'ER
OH STAND ON THE SHORE
AND SHOW HIM AT LAST TO ME

The Fourteenth Station

Jesus Is Placed in the Sepulcher

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world.

(Rise)

V: Consider how the disciples carried the body of Jesus to its burial, while His holy Mother went with them and arranged it in the sepulcher with her own hands. They then closed the tomb and all departed.

(Kneel)

R: Oh, my buried Jesus, / I kiss the stone that closes You in. / But You gloriously did rise again on the third day. / I beg You by Your resurrection that I may be raised gloriously on the last day, / to be united with You in heaven, to praise You and love You forever. / I love You, Jesus, and I repent of ever having offended You. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

Our Father, Who art in heaven; hallowed be Thy name; Thy kingdom come; Thy will be done on earth as it is in heaven. Give us this day our daily bread; and forgive us our trespasses as we forgive those who trespass against us, and lead us not into temptation; but deliver us from evil. Amen.

Hail Mary full of grace, the Lord is with thee; blessed art thou among women and blessed is the fruit Thy womb, Jesus. Holy Mary, Mother of God, pray for us sinners, now and at the hour of our death. Amen.

Glory be to the Father and to the Son, and to the Holy Spirit. As it was in the beginning, is now and ever shall be, world without end. Amen.

IKATLONG ESTASYON



Nabuwal si Jesus, sa unang pagkakataon

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan

B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Nakadama si Jesus ng takot, natigib ng kalungkutan at hapis nang mapagtanto niya ang mangyayari sa kanya. Binigo siya ng kanyang mga disipulo at nakatulog sila. Naramdaman niyang siya'y pinabayaan, kasama ng mga napabayaan at mga biktima ng pang-aapi. Alalahanin nating ang lahat ng mga taong napabayaan, kinalimutan, nag-iisa, at walang magawa dahil wala silang matagpuang pagkakaisa o tulong kahit saan. Hinihiling sa atin ni Jesus ngayon na manindigan para sa mga nahihirapan.

Panalangin

Nilikha mo kaming magkakapatid subalit ang lungkot, pagpapabaya at kawalan ng pagkakaisa ang naghahatid sa amin sa kamatayan. Dahil sa inyong anak na naranasan ang hapis dulot ng pagtatakwil sa kanya, hinihiling namin na puspusin mo ng pag-ibig ang aming mga puso. Sa pamamagitan ni JesuKristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA – LUWALHATI



IKA-APAT NA ESTASYON



Nasalubong ni Jesus ang kanyang Ina

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Nang masalubong ng paningin ni Maria ang mga mata ni Jesus, nakaramdam siya ng kirot sa kanyang puso. Dito naunawaan ni Maria ang misterio ng pag-ibig ng kanyang anak na si Jesus. Sa pamamagitan ng krus lamang, makikilala natin kung sino Siya. Isaisip natin ang mga nanay at tatay na walang magawa habang pinagmamasdan ang pagdurusa ng kanilang mga anak. Sana'y matagpuan nila ang pag-asa kay Maria.

Panalangin

Ama, biyayaan ninyo kami ng grasyang masumpungan namin si Jesus sa paanan ng krus kagaya ni Maria. Bigyan po ninyo ng kaluwagan at tatag ng kalooban ang mga nagdaranas ng hirap para sa kanilang mga anak at walang kayang gawin sa ikalulutas nito. Sa ngalan ni Jesukristo na iyong anak.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

The Twelfth Station

Jesus Dies Upon the Cross

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how Your Jesus, after three hours of agony on the cross, is finally overwhelmed with suffering and, abandoning Himself to the weight of His body, bows His head and dies. (Kneel)

R: My dying Jesus, / I devoutly kiss the cross on which You would die for love of me. / I deserve, because of my sins, to die a terrible death; / but Your death is my hope. / By the merits of Your death, / give me the grace to die embracing Your feet and burning with love of You. / I yield my soul into Your hands. / I love You with my whole heart. / I am sorry that I have offended You. / Never let me offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Thirteenth Station

Jesus Is Taken Down from the Cross

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how, after Our Lord had died, He was taken down from the cross by two of His disciples, Joseph and Nicodemus, and placed in the arms of His afflicted Mother. She received Him with unutterable tenderness and pressed Him close to her bosom. (Kneel)

R: O Mother of Sorrows, / for the love of Your Son, / accept me as Your servant and pray to Him for me, / And You, my Redeemer, since you have died for me, / allow me to love You, / for I desire only You and nothing more. / I love You, Jesus my Love, / and I am sorry that I have offended You. / Never let me offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

STATION OF THE CROSS

The Tenth Station

Jesus Is Stripped of His Garments

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)
R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)
V: Consider how Jesus was violently stripped of His clothes by His executioners. The inner garments adhered to his lacerated flesh and the soldiers tore them off so roughly that the skin came with them. Have pity for your Savior so cruelly treated and tell Him: (Kneel)
R: My innocent Jesus, / by the torment You suffered in being stripped of Your garments, / help me to strip myself of all attachment for the things of earth / that I may place all my love in You who are so worthy of my love. / I love You, O Jesus, with all my heart; / I am sorry for ever having offended You. / Never let me offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Eleventh Station

Jesus Is Nailed to the Cross

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)
R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)
V: Consider Jesus, thrown down upon the cross, He stretched out His arms and offered to His eternal Father the sacrifice of His life for our salvation. They nailed His hands and feet, and then, raising the cross, left Him to die in anguish. (Kneel)
R: My despised Jesus, / nail my heart to the cross / that it may always remain there to love You and never leave You again. / I love You more than myself; / I am sorry for ever having offended You. / Never permit me to offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

ANG LABING-APAT NA ESTASYON

IKALIMANG ISTASYON



Inatasan si Simon na pasanin ang krus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Upang hindi bawian ng buhay si Jesus sa daan pa lamang, aatasan ng mga kawal ang sinumang unang makita nila na pasanin ang krus. Si Jesus at Simon ay sumisimbolo ng mga taong inalipin ng kapangyarihan. Napilitan ba lamang si Simon sa kanyang pakikiisa sa paghihirap Jesus o kusang loob na ginawa niya ito? Iniisip ni Simon na sa pagpapasan niya ng krus ng isang hinatulan o kinondenang tao, tumutulong siya sa Diyos. Balikan-tingin natin ang mga panahon na hinihingi ng mga kapatid natin ang ating tulong na pasanin ang kanilang krus. Ano ang naging tugon natin sa kanila?

Panalangin

Ama, ang nais mo para sa amin lahat ay maging malaya. Huwag po ninyong tulutan na dominahan ng iilang tao ang kanilang kapwa sa pamamagitan ng dahas. Palayain po ninyo kami sa kapangyarihan. Gawin po ninyo kaming magkakaibigan at tagapaglingkod sa isa't isa sa ngalan ng pag-ibig at pagkakaisa sa pamama-gitan ni JesuKristo, aming panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

DAAN NG KRUS

IKA-ANIM NA ESTASYON



Pinunasan ni Veronica ang mukha ni Jesus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.
Ang pagpapahid ng isang duguang mukha ng Diyos. At isang mata-
pang na babae ang siyang gumawa nito. Ang naiwang larawan ang
siyang pinaka-mabisang daan upang makita ang mukha ng Diyos
dito sa mundo. Sa mga mukhang napin-sala ng sobrang pighati,
pagsasamantala at kawalan ng katarungan, atin makikita ang pina-
kamagandang larawan ng Poong Maykapal. Kaya ba natin, katulad
ni Veronica na salungatin ang lahat ng mga hadlang at mga baluktot
na paniniwala upang pahiran ang mga duguang mukha ng mga nag-
babata ng hirap?

Panalangin

Ama, ipagkaloob ninyo sa amin ang isang pusong wagas upang ma-
tuklasan at mapahiran ang iyong larawan sa mga mukha ng mga
nangingibang-bayan, mga manggagawa, mga itinakwil ng lipunan at
ang mga sugatan sa pakikibaka at kawalan ng katarungan. Gawin po
ninyong Veronica, ang inyong Simbahan, na kayang suungin ang
mga panganib mapahiran lamang ang mga napinsalang mukha ng
mga bugbog ng pagtitiis. Sa pamamagitan ni Kristo, Jesus, aming
Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

STATION OF THE CROSS

The Eight Station

Jesus Speaks to the Women

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world.
(Rise)

V: Consider how the women wept with compassion seeing Jesus so
distressed and dripping with blood as he walked along. Jesus said
to them, "Weep not so much for me, but rather for Your chil-
dren." (Kneel)

R: My Jesus, laden with sorrows, / I weep for the sins which I have
committed against You / because of the punishment I deserve for
them; / and, still more, because of the displeasure they have
caused You / who have loved me with an infinite love. / It is Your
love, more than the fear of hell, / which makes me weep for my
sins. / My Jesus, I love You more than myself; / I am sorry that I
have offended You. / Never allow me to offend You again. / Grant
that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Ninth Station

Jesus Falls the Third Time

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world.
(Rise)

V: Consider how Jesus Christ fell for the third time. He was extremely
weak and the cruelty of His executioners was excessive; they tried to
hasten His steps though He hardly had strength to move. (Kneel)

R: My outraged Jesus, / by the weakness You suffered in going to
Calvary, / give me enough strength to overcome all human respect /
and all my evil passions which have led me to despise Your friend-
ship. / I love You, Jesus my Love, with all my heart; / I am sorry for
ever having offended You. / Never permit me to offend You again. /
Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

STATION OF THE CROSS

The Sixth Station

Veronica Offers Her Veil to Jesus

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider the compassion of the holy woman, Veronica. Seeing Jesus in such distress, His face bathed in sweat and blood, she presented Him with her veil. Jesus wiped His face, and left upon the cloth the image of his sacred countenance. (Kneel)

R: My beloved Jesus, / Your face was beautiful before You began this journey; / but, now, it no longer appears beautiful / and is disfigured with wounds and blood. / Alas, my soul also was once beautiful / when it received Your grace in Baptism; / but I have since disfigured it with my sins. / You alone, my Redeemer, can restore it to its former beauty. / Do this by the merits of Your passion; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Seventh Station

Jesus Falls the Second Time

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how the second fall of Jesus under His cross renews the pain in all the wounds of the head and members of our afflicted Lord. (Kneel)

R: My most gentle Jesus, / how many times You have forgiven me; / and how many times I have fallen again and begun again to offend You! / By the merits of this second fall, / give me the grace to persevere in Your love until death. / Grant, that in all my temptations, I may always have recourse to You. / I love You, Jesus, my Love with all my heart; / I am sorry that I have offended You. / Never let me offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

ANG LABING—APAT NA ESTASYON

IKAPITONG ESTASYON



Nabuwal si Jesus, sa ikalawang pagkakataon

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan

B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Madama ni Jesus na pinabayaan na siya ng lahat at napapaligarin ng kapangyarihan ng kasamaan, kaya dumulog siya sa Ama. Hindi niya matanto ang kahihinatnan ng ipinahayag niyang Paghahari ng Diyos. Ang pangitain ng kamatayan ang madalas na bumabagabag sa mga taong malabo ang pagtingin sa kanilang kinabukasan. Kasama ni Jesus ang mga taong nabigo at walang nakikitang katugunan sa kanilang pagkagutom sa katarungan. Kailangan natin makiisa sa kanila kung ibig nating makasama si Jesus. Patuloy natin ituon ang pag-asa sa Ama, gaya ni Jesus, sa kanila.

Panalangin

Turuan po ninyo kami, Ama, na mana-langin katulad ni Jesus sa halaman ng Hetsemane upang matutunan namin makibahagi sa mga pasakit at dalamhati ng lahat ng mga sugatan at nabuwal sa daigdig na ito, hanggang matupad ang kalooban mo ng pag-ibig at buhay. Sa pamamagitan ni Jesukristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

DAAN NG KRUS

IKAWALONG ESTASYON



Nagsalita si Jesus sa mga kababaihan ng Jerusalem

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Umiiyak ang mga kababaihan ng Jerusalem sa harapan ng bilang-gong hinatulan ng kamatayan si Jesus. Subalit, hiniling ni Jesus na ibaling nila ang pagtingin sa kanilang mga sarili. Ang kamatayan ni Jesus ay gawa ng isang lipunang nakapinid ang pinto sa mga biyaya ng Diyos, itinakwil ang salita ng kaligtasang dala ni Jesus. Ang kanyang mga salita sa mga kababaihan ay minsang naging isang banta at panawagan ng pagbabalik-loob. Banta, sapagkat ang sinumang tumanggi sa grasya ng Maykapal ay naghahanap ng sariling kamatayan. Isang panawagan sa pagbabalik-loob dahil hindi imposible ang pagbabago, ang pagtanggap sa salita ng Diyos, pagsasabuhay nito at pakikiisa sa pagpupunyaging itatag ang paghahari ng Diyos dito sa sandaigdigang.

Panalangin

Buksan po ninyo ang aming puso, O Ama, sa iyong mga salita upang lumaya kami sa aming pagkamakasari. Matutunan sana naming mumahay na palagiang nakikiisa sa lahat ng aming mga kapatid sa buong sangkatauhan. Sa pamamagitan ni Jesuskristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

STATION OF THE CROSS

The Fourth Station

Jesus Meets His Afflicted Mother

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how the Son met his Mother on His way to Calvary. Jesus and Mary gazed at each other and their looks became as so many arrows to wound those hearts which loved each other so tenderly (Kneel)

R: My most loving Jesus, / by the pain You suffered in this meeting / grant me the grace of being truly devoted to Your most holy Mother. / And You, my Queen, who was overwhelmed with sorrow, / obtain for me by Your prayers / a tender and a lasting remembrance of the passion of Your divine Son. / I love You, Jesus, my Love, above all things. / I repent of ever having offended You. / Never allow me to offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Fifth Station

Simon Helps Jesus Carry the Cross

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how weak and weary Jesus was. At each step He was at the point of expiring. Fearing that He would die on the way when they wished Him to die the infamous death of the cross, they forced Simon of Cyrene to help carry the cross after Our Lord. (Kneel)

R: My beloved Jesus / I will not refuse the cross as Simon did: / I accept it and embrace it. / I accept in particular the death that is destined for me / with all the pains that may accompany it. / I unite it to Your death / and I offer it to You. / You have died for love of me; / I will die for love of You and to please You. / Help me by Your grace. / I love You, Jesus, my Love; / I repent of ever having offended You. / Never let me offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Second Station

Jesus Accepts His Cross

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider Jesus as He walked this road with the cross on His shoulders, thinking of us, and offering to His Father in our behalf, the death He was about to suffer. (Kneel)

R: My most beloved Jesus, / I embrace all the sufferings You have destined for me until death. / I beg You, by all You suffered in carrying Your cross, / to help me carry mine with Your perfect peace and resignation. / I love You, Jesus, my love; / I repent of ever having offended You. / Never let me separate myself from You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

Our Father, Hail Mary, Glory be.)

The Third Station

Jesus Falls the First Time

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider the first fall of Jesus. Loss of blood from the scourging and crowing with thorns had so weakened Him that He could hardly walk; and yet He had to carry that great load upon His shoulders. As the soldiers struck Him cruelly, He fell several times under the heavy cross. (Kneel)

R: My beloved Jesus, / it was not the weight of the cross / but the weight of my sins which made You suffer so much. / By the merits of this first fall, / save me from falling into mortal sin. / I love You, O my Jesus, with all my heart; / I am sorry that I have offended You. / May I never offend You again. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

Our Father, Hail Mary, Glory be.)

IKASIYAM NA ESTASYON



Sa ikatlong pagkakataon, nabuwal uli si Jesus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan

B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.

Nahalo ang dugo ni Jesus sa lupang napaka-raming dugong inihain ng mga walang sala mula noon hanggang sa kasalukuyan. Mahalaga sa Diyos ang dugong inihain ng mga walang sala. Ito ang dugo na likha ng sala ng tao sa marubdob niyang pagnanasa na maging Diyos; alipin ng pagkamakasarili at mamamatay-tao ng sariling kapatid. Huwag tayong palinlang Nababahala ang Poong Maykapal sa mga inosenteng dugo. Kaya ang isang anghel ang dumating upang kalingain si Jesus. Itong mga duguan ay bubuhayin muli. Ang lupang dinilig ng dugo ay mamumukadkad uli ng isang bagong buhay. Ang bawat nilalang na nag-alay ng dugo ay pagkakalooban ng anghel at siya'ybubuhayin muli.

Panalangin

Sumisigaw, o Ama, ang dugong dumaloy mula kay Jesus at sa marami naming mga kapatid. Isinasamo namin, harinawa'y walang sinuman ang magpapadanak ng dugo ng kanyang kapatid at huwag mong hayaang sinuman ang papatay sa mamamayan sa matin-ding kahirapan. Sangalan ni Kristo, Jesus, aming Panginoon!

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

IKA-SAMPUNG ESTASYON



Hinubaran si Jesus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan

B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.

Paghinubaran mo ng damit ang isang tao sa harap ng publiko, katumbas ito ng pagyurak ng kanyang pagkatao at pag-alis ng kanyang dangal bilang tao. At ito ang ginawa nila kay Jesus. Patuloy pa rin itong ginagawa sa mga taong pinagkakaitan ng lahat na nararapat sa kanila.

Ang pag-asa ay hindi nakasalalay sa mga sakim at kurakot kundi kay Jesus na pinagkaitan din ng lahat. Buo ang pagtitiwala ni Jesus sa kanyang Ama. Nasa kanyang panig ang Diyos. Kaya dapat magtiwala kay Jesus at sa mga pinagkaitan, yaong walang mawawala sa kanila at may karapatang umasa sa Panginoon. Mula sa kanila, itatatag ng Diyos ang isang Bagong Sambayanan.

Panalangin

Nakikita namin sa inyong anak na pinagkaitan, ang mahihirap o mga dukha dito sa daigdig. Sa mga taong walang pagbabago, loobin po niyong sila'y magkaroon ng pusong mapagbahagi, mapagmahal na hindi nakatali sa mga materyal na bagay. Turuan ninyo kaming magbahagi sa ngalan ng pagkakaisa mula sa aming makakaya o ari-arian. Sa pamaagitan ni JesuKristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

Preparatory Prayer

ALL: My Lord, Jesus Christ, / You have made this journey to die for me with unspeakable love; / and I have so many times ungratefully abandoned You. / But now I love You with all my heart; / and, because I love You, I am sincerely sorry for ever having offended You. / Pardon me, my God, and permit me to accompany You on this journey. / You go to die for love of me; / I want, my beloved Redeemer, to die for love of You. / My Jesus, I will live and die always united to You.

The First Station

Pilate Condemns Jesus to Die

V: We adore You, O Christ, and we praise You. (Genuflect)

R: Because, by Your holy cross, You have redeemed the world. (Rise)

V: Consider how Jesus Christ, after being scourged and crowned with thorns, was unjustly condemned by Pilate to die on the cross. (Kneel)

R: My adorable Jesus, / it was not Pilate; / no, it was my sins that condemned You to die. / I beseech You, by the merits of this sorrowful journey, / to assist my soul on its journey to eternity. / I love You, beloved Jesus; / I love You more than I love myself. / With all my heart I repent of ever having offended You. / Grant that I may love You always; and then do with me as You will.

(Our Father, Hail Mary, Glory be.)

IKALABING-APAT NA ESTASYON



Inilibing si Jesus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Ang libingan ang pinakasukdulang kalung-kutan. Ang patay ay ganap na nag-iisa. Ang paniniwala ng mga pumatay kay Jesus na kapag nailibing na nila ang katawan nito, mabubura sa isipan ng madla ang alaala ni Jesus. Subalit ang libingan ni Jesus na nasa halamanan ay dambana ng buhay na siyang naging bukal ng bagong buhay ni Jesus. Si Jesus ang magiging binhi na kapag ibinaon sa lupa, tutubo ito at mamumu-kadkad. Ang buhay niya ay nasa kamay ng Diyos, ganon din ang lakat ng mga nangawalan ng buhay at mga pinatay. Hindi pababayaang ng Ama ang kanyang mga anak.

Panalangin

Ama, ginawa mong pagdaraanang tungo sa bagong buhay ang libingan ni Jesus. Hayaan ninyong tanggapin ng lupa, ng mapayapa, ang mga yumao. Harinawa'y magbunga ito ng pag-asa at buhay para sa iyong sangkatauhan. Sa pamamagitan ni JesuKristo aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

IKALABING-ISANG ESTASYON



Ipinako si Jesus sa Krus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan. Ipinako ang mga kamay at paa ni Jesus. Nais nilang dumaloy ang mas maraming dugo upang madali siyang mamatay. Sadya nilang ginagawa ang ganito; madali nilang maililigpit si Jesus na manunulsol. Subalit si Jesus ay mas malakas sa kanyang kahinaan kaysa mga naghatol sa kanya. Mula sa kanyang napapakang krus, maipagdarasal niya ang mga nagpahirap sa kanya. Hindi ibig sabihin na pinawawalang-sala sila kundi idinidiin ang kanilang kahibangan at kasalanan. Kaya, ihinihingi sila ng kapatawaran. Ito ang tagumpay ng isang pinahihirapan sa mga nagpahirap sa kanya. Tagumpay din ito ng pagmamahal at habag.

Panalangin

Ama, lubha ang pananakit na ginawa sa inyong anak. At marami din sa inyong mga anak ang pinahihirapan sa iba't ibang pamamaraan. Ang aming pusong puspos ng pighati ay dumadalangin para sa mga biktima ng matinding pasakit at sa mga gumawa nito. Pagkasunduin mo po sila at nawa'y mahinto na sa mundong ito ang anumang pananakit sa kapwa. Sa pamamagitan ni JesuKristo, aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

DAAN NG KRUS

IKALABING—DALAWANG ESTASYON



Namatay si Jesus sa krus

L— Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.
Si Jesus na taga-Nasareth, ang dakilang propeta na nagpahayag tungkol sa bagong buhay at paghahari ng Diyos ay pinatay sa labas ng lungsod. Siya ay itinakwil ng lipunan, ng relihiyon at ng buhay. Sa pagkakataong ito, ipinakikilala ni Jesus ang kanyang ganap na katapatan, isinakripisyo niya ang kanyang buhay para sa kanyang pinani-niwalaan at mga ipinahayag. Namatay siyang lubos ang pag-titiwala sa kanyang Ama, ang Diyos ng pag-ibig at mas makapangyarihan kaysa mga kumitil ng kanyang buhay. Tayong mga tagasunod ni Jesus ay hindi dapat mawalan ng pag-asa. Patuloy nating hanapin ang bukal ng pag-asa sa krus ni Jesus. Tayo'y mga alagad ng isang taong napako sa krus. Katulad ni Jesus, sikapin natin makilala siya sa ating paglilingkod kahit hanggang kamatayan tungo sa pag-aangkin ng sanlibutan ng isang bagong buhay.

Panalangin

Naniniwala po kami, o Ama, na si Jesus na pinako sa krus ay iyong anak na tagapagligtas. Sa pamamagitan niya, alam namin na ang inyong lakas ay ang pag-ibig na nagtitiis kasama ng mga nagdurusa. Kasama ni Jesus, nais namin makipagtunggali laban sa dalamhati na siyang dahilan ng pagdurusa. Sa pamamagitan ni JesuKristo aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI

ANG LABING -APAT NA ESTASYON

IKALABING-TATLONG ESTASYON



Si Jesus ay ibinaba mula sa Krus

L - Sinasamba ka namin O Kristo at pinapupurihan
B - Sapagka't sa Iyong Banal na Krus ay naligtas ang sanlibutan.
Tinanggap ng ina ni Jesus sa kanyang mga bisig ang walang buhay na katawan ng kanyang anak. Inilagak niya ang buong pagtitiwala sa Diyos, na mula sa patay na laman, ang Maykapal ay lilikha muli ng bagong buhay. Si Maria ay magsisilang uli ng isang bagong buhay sa hirap at pag-asa. Ang Sambayanan ni Kristo, kagaya ni Maria, kailangan tanggapin ang lahat ng tao, lalo na yong mga nagdurusa dahil sa isang dakilang adhikain. Inaanyayahan sila nitong Sambayanan sa isang bagong buhay. Ang kanilang pagtitiis kapag nagsasabuhay ng pagkakaisa at pananampalataya ay nagiging daan tungo sa isang bagong Sambayanan ng Diyos.

Panalangin

Binigyan ninyo o Ama ang simbahan ng bagong halimbawa o modelo sa katauhan ni Maria. Basbasan po ninyo kami ng pananam-palatayang kagaya kay Maria na handang tanggapin sa simbahan ang lahat ng mga nilalang na nagtitiis ng hirap umusbong lamang ang isang bagong angkan kung saan lahat ay magkakapatid sa iyong ngalan, aming Ama. Sa pamamagitan ni Jesus aming Panginoon.

AMA NAMIN - ABA GINOONG MARIA - LUWALHATI